

PROLOGUE

Kadalasan, kapag gumising ka ng January 1, pakiramdam mo bagong buhay iyon, bagong simula, bagong pagkakataon. Hindi man January 1 ngayon, ganoon pa rin ang pakiramdam ko nang imulat ko ang mga mata ko sa unang araw ko bilang engaged na lalaki. At tama lang na ang una kong makita ay ang magandang mukha ng fiancée ko, naiilawan ng sinag ng buwan mula sa labas ng floor-to-ceiling windows ng bago naming tahanan.

Automatic akong napangiti, automatic na tumungo para halikan siya sa noo at automatic na hinila siya palapit kahit pa nakasiksik na siya sa tagiliran ko.

Pinanood ko lang siyang matulog habang nakangisi ako at tahimik ang isip, tahimik ang puso. Mukha siyang anghel. Kulang na lang *halo* at mga pakpak. Sabagay, para sa akin totoong anghel siya dahil regalo talaga siya ng langit sa akin.

Sino ba naman ang mag-aakalang magkakaroon ako ng Meredith sa buhay ko? Ako? Si Ash Montesines na siya yatang huling lalaking karapat-dapat sa kanya.

Kahit paano naisip ko rin na siguro naman I deserve someone like her. *Mabait naman ako, ah!* Tatay ko lang naman ang hindi naniniwalang good boy ako. Mabait naman daw ako sabi ng nanay ko, ng kuya ko at ng ninong ko.

Naniniwala rin si Mere na mabait ako. Ganoon din ang parents niya dahil papayagan ba nila akong lumapit sa anak

nila kung tingin nila, eh, tarantado ako? Di ba hindi? Kaya, oo, mabait ako. Nananalig ako.

May kaya na rin ako sa buhay ngayon. Mayaman nga ako, eh. Mas mayaman pa sa inakala ko, at may potential pang mas yumaman dahil marunong na akong magtrabaho ngayon, *naks!* Dahil itong lalaking patuloy mong nakikilala ngayon ay isa nang guwapong-guwapong future COO.

And last but not the least, lalo akong gumuwapo ngayon kasi nakakadagdag pala sa kagandahang lalaki kapag masaya ka. Eh, ako na yata ang pinakamasayang lalaki sa mundo ngayon.

Ganito talaga kapag natutupad ang lahat ng mga pangarap. Ang nakakatawa pa roon, ni hindi ko alam na ito pala ang pangarap ko: ang makahanap ng babaeng mamamahalin at magmamahal din sa akin nang higit pa sa inakala ko.

At dahil nasa akin na si Meredith (at nasa kanya na rin ako), sa tingin ko puwede na akong gumawa ulit ng mga bagong pangarap na isa-isa naming tutuparin ni Miss Billionairess nang magkasama.

1

Medyo maliwanag na sa labas nang magising ako ulit. Kumunot ang noo ko dahil hindi ko na yakap si Meredith. At hindi rin niya ako yakap. Makatarungan ba iyon?

Dahil nakadapa ako, iniangat ko ang ulo ko mula sa unan kung saan nakabaon ang mukha ko. Nakita ko ang bago kong fiancée (sarap lang ulit-ulitin) na nakaupo sa tabi ko, nakasandal sa sofa at seryosong-seryoso sa pagsusulat sa isang malaking planner.

Lalo akong napasimangot. Bakit malayo siya sa akin? May three inches kaming pagitan, o! Saka bakit naka-T-shirt na siya? *Psst. Hubad!*

“Ehem.”

Lumingon siya sa akin at ngumiti. Ayus. Naglahong parang bula ang simangot ko. Inangat ko ang sarili ko at tumungo siya para sa good morning kiss ko.

“Ano’ng ginagawa mo?” tanong ko habang nakikiusyoso sa planner niya.

“Listahan ng mga gusto kong bilhin para sa bahay.”

Tiningnan ko iyong planner at tumaas ang mga kilay ko. “Mas mahaba pa ’yan sa listahan ni *Santa Claus* kapag Pasko, ah.”

Bumungisngis siya at siniko ako nang maupo na ako sa tabi niya. “Wala pa tayong gamit, ’no! Kaya marami akong

kailangang bilhin.”

Inakbayan ko siya at sumandal siya sa akin pero nakatungo pa rin siya d’un sa planner. Binasa ko na rin iyong listahan.

Pinggan, kutsara’t tinidor, mga kutsilyo, kawali, kaldero, sandok, microwave oven, food processor... pamahal nang pamahal...

“Aba, magpo-produce ka ba ng cooking show? Puro pang-kusina ’yang bibilhin mo, ah.”

Kinurot niya ako sa ilong. “Kasi po pinakamahalaga ’yung kusina,” paliwanag niya sa akin na para bang bata ako. “Araw-araw kaya tayong kakain.”

“Eh, ba’t ang pinakamahalaga sa ’kin eh ’yung bedroom?” Ngumisi ako sa kanya nang tingalain niya ako. “Araw-araw din nating kailangan ’yung kama.”

“Kahit saan naman puwede tayong matulog,” sagot niya, hindi naiintindihan ang ibig kong sabihin.

“Bakit? Tulog ba ang sinasabi ko?” tanong ko sabay kindat.

“Bakit? Sa kama ka lang ba puwede mag-gan’un?” pilya niyang balik.

“Sabagay.” Luminga-linga ako sa bahay namin. “Gusto mong binyagan ’yung counter?” Siniko niya ako ulit at binalikan iyong listahan. “Teka, seryoso ako!”

Di niya ako pinansin. “Ano pa ba ang kailangan natin? Kasi, I think, okay na ’yung washing machine sa laundry room. May dryer saka automatic siya. Gusto ko lang talagang palitan ’yung kama. Kailangan kong kausapin ’yung superintendent kasi paano natin ibababa ’yang kama sa room

ngayon? Saka kung bibili ako ng bagong kama, paano natin iaakyat? Tama na ba sa 'tin 'yung queen? O gusto mo ng king? Kasi kung maliit, lalampas 'yung paa mo sa dulo n'un. Uy, nakikinig ka ba?"

"Oo," sabi ko na nakangisi pa rin sa kanya na parang gago. Naaaliw lang talaga ako sa kanya. Siyempre, ang yabang ko kasi regalo ko sa kanya itong bahay at obvious namang masaya siya rito at excited siyang ayusin 'to. "Actually, okay na sa akin 'yung twin bed."

"Twin?" natatawang bulalas ni Mere. "Okay ka lang? Baka balik mo lang ang kasya d'un, 'no? Paano ako?"

"Eh, di sa ilalim ko. O sa ibabaw ka, puwede rin."

"Bastos ka talaga!" Natawa siya bago tumili nang hablutin ko siya at hilahin papunta sa ilalim ko.

Mamaya na lang siya sa ibabaw. Ito ang gusto ko ngayon.



Dumating ang mga magulang ni Mere at si Kuya Lex bago mag-alas onse. Sa amin kasi sila magtatanghalian para i-celebrate ang engagement namin ni Mere. Inilibot muna namin sila sa bahay. Nakatayo kaming tatlong lalaki sa isang banda habang nag-uusap tungkol sa appliance at furniture iyong mag-ina.

Siguro nahalata ni Tito Eman ang helpless kong ekspresyon habang nakikinig doon sa dalawa kasi siniko niya ako sa braso. "Ang natutunan ko kapag nasa ganyang mood ang dalawang 'yan ay sumagot na lang ng *yes, dear.*"

"Eman, tayo na lang ang bumili ng kama para kina Meredith," sabi ni Tita Marianne mula sa kabilang banda ng

kama. “Yun na lang ang housewarming gift natin sa kanila.”

Ngumiwi si Tito Eman. “Di ba mahal ’yun?”

“Eman,” ani Tita na pinaniningkitan si Tito. Nakita ko sa kanya si Mere sa tingin niyang iyon.

“Yes, dear,” masunuring sabi ni Tito at umubo kami ni Kuya para itago ang pagtawa.

“Ash, bili din tayo ng bagong mga kurtina, ha. Para kasing walang personality kapag blinds lang ang meron sa mga bintana.”

Nilingon ako nina Kuya at Tito.

“Yes, dear,” sabi ko na lang din.

Tiningnan kami ng mga babae, kunot ang mga noo at naguguluhan, nang magsimulang tumawa iyong dalawang mga walangyang kasama ko.



Mayamaya, nagkaayaan na kaming kumain. Ayaw kaming samahan nina Manang Thelma at Kuya Midel sa hapag kahit pa inaya sila ni Meredith. Doon na lang daw sila sa kusina kakain. At habang kumakain naman, maya’t maya ay bumabalik sa mesa si Manang para tingnan kung may kanin at ulam pa kami.

Kung saan-saan napunta ang usapan namin. Kinumusta ni Tito Eman kay Kuya Lex ang negosyo at kinumusta ni Tita Marianne kay Mere ang wedding plans... *na wala pa naman, Tita, kasi kagabi ko lang siya inayang magpakasal.*

“Wala pa kaming solid plans, Mom,” natatawang sabi ni Mere habang inaabot ang kamay ko sa ilalim ng mesa. Nilingon niya ako. “Saka parang gusto ko munang ayusin

'tong bahay.”

Tumango lang ako. *Yes, dear.*

“Gaano katagal po ba pagplanuhan ang kasal?” tanong ko kay Tita Marianne. Wala kasi akong alam d’un. Kulang na lang di ako imbitahan ni Ate Kaye sa kasal niya noon, eh. Sa kasal naman ni Hank, ang pinroblema lang namin ay iyong bachelor’s party.

“At least a year para hindi kayo masyadong magmadali. Ngayon pa lang dapat alam na ninyo kung saang simbahan ninyo gusto, kung saan ang reception. Para mas maaga kayong makapagpa-book.”

Nagkatinginan kami ni Mere.

“Bahay muna,” she insisted. “Give me a week on the house then we can start planning the wedding.”

Yes, dear.

Tumango ako sa kanya, walang pakialam kung mukha akong lovesick na tutang masayang nakangiti sa kanya. “It’s your wedding.”

“It’s *our* wedding,” pagtatama niya na kinukurot ako sa ilong.

“Oo, pero babae ang mas may idea sa kung ano ang gusto niya sa kasal niya, di ba? I want ours to be the wedding of *your* dreams. Ako naman kasi, ikaw lang ’yung mahalaga sa ’kin kung kasal ko ang pag-uusapan. Ang dream wedding ko lang ay kung ikaw ’yung bride. That’s it.”

Ngumisi ako sa expression ni Meredith. Nangingiti siya na kinakagat iyong labi niya.

“Aray,” sabi ni Kuya Lex at napatingin kami sa kanya

habang nakahawak siya sa pisngi niya. “Di pa ko kumakain ng cake, sumasakit na ngipin ko sa tamis.”

Natawa kami ni Mere at tinapik-tapik ni Tito Eman si Kuya sa likod.

Nagpatuloy ang kwentuhan hanggang sa matapos kaming kumain.

“Mom, free ka ba? Samahan mo naman akong tumingin ng furniture.”

“Sure!” excited na sabi ng mommy ni Mere.

“Kuya Lex, may idea ka ba ng gusto mong sofa? Ibibili kita ng kapalit niyang ibinigay mo sa ’min.”

Tumawa ang kuya ko. “Naku, huwag na. Housewarming gift ko na ’yan sa inyo.”

“Hindi, Kuya, ibibili ka namin ng bago. Huwag ka nang tumanggi. Saka pa-thank you na rin ’yun for everything you’ve given me and Ash.”

Alam kong gusto pang tumanggi ni Kuya pero sa huli nalambing siya ni Mere at napapayag na rin.

“Ngayon na ba kayo aalis? Magpahatid na kayo kay Midel,” ani Tito Eman. “Maiwan na muna kami ni Ash dito. May kailangan kaming pag-usapan. Then susunod na lang kami sa inyo para masundo ni Ash si Mere.”

“Ano’ng pag-uusapan n’yo, Dad?” tanong ng fiancée ko na mukhang nag-aalala.

Tumawa ang daddy niya. “Don’t look so worried, sweetheart. Hindi ko tututukan ng shotgun si Ash.”

“Hindi na kailangang tutukan, Tito,” sabi ko.

“Oo nga, eh. Sayang ’yung binili kong shotgun.”

“Dad!”

“Joke lang!”



Bumaba kami sa parking garage para ihatid sila sa mga kotse. Umalis na rin si Kuya Lex na may hug and kiss ulit sa mag-ina (nakakarami na siya, ah), then yumakap at humalik din ako kay Tita Marianne bago kay Mere.

“Dad, behave!” paalala niya sa tatay niya at nagtaas ng mga kamay si Tito Eman para sabihing harmless siya at wala siyang binabalak na masama.

Pinanood namin silang makalayo bago kami muling umakyat ni Tito Eman.

“Gusto po ninyo ng kape, Tito?” alok ko nang makabalik kami ng condo.

“Sige nga. Saka pahingi pa ’ko n’ung cake ni Lex.”

Tiningnan ko lang siya. “Akala ko binabantayan ni Tita Marianne ang sugar ninyo.”

Parang pilyong batang ngumisi si Tito Eman. “O, eh, wala naman siya ngayon.”

Natawa na ako bago kami bumalik sa kusina kung saan ako nag-init ng tubig sa brand new kettle ni Meredith. Masayang kumuha ng isang higanteng slice ng cake si Tito. At nang makaupo kami sa kitchen island, sumubo muna siya ng cake bago ako tiningnan habang ngumunguya. Saka siya nagsalita matapos niyang lumunok.

“Ash, napag-usapan naman na natin kung anong klaseng tatay ako sa mga anak ko, di ba? Kaya sana wala kang masamain sa mga itatanong ko o sa mga sasabihin ko

ngayon.”

Tumango ako.

“Sabihin na nating cliché itanong kung paano mo pakakainin ang anak ko, pero kailangan kong itanong. Paano mo nga ba pakakainin ang anak ko? Ngayon kasi alam kong maayos naman ang kita mo bilang assistant niya, at ito,” sumenyas siya sa living room para tukuyin ang condo, “hindi mo ito puwedeng bilhin nang basta-basta kaya alam kong kahit paano ay may extra kang pinagkukunan ng pera.”

Opo, si Kuya ko po.

“Pero in the long run, I want to be sure that you will be able to provide for my daughter.”

May iba sigurong magagalit sa tanong ni Tito Eman, pero kasi kilala ko naman siya. He didn't mean any offense at hindi naman niya iyon itinatanong para makalalaki o para ipamukha sa 'king hampaslupa lang akong nangarap na maabot ang langit. Hindi siya ganoon. Gusto lang talaga niyang masiguro ang kinabukasan ni Mere.

Saka sabi ko nga, kung ako ang may anak na katulad ni Meredith at katulad ko ang nangahas na mag-alok sa kanya ng kasal, aba'y magiging less understanding talaga ako. Baka di lang shotgun ang bilhin ko.

Huminga ako nang malalim bago tahimik (at sa abot ng aking makakaya ay walang yabang) na ipinaalam sa kanya ang mga plano ko sa buhay bago ko pakasalan si Mere.

“Balak ko po sanang bumalik sa sarili naming kompanya, Tito. May mga plano po kasi si Kuya para sa *AMC* at gusto po niya akong maging COO niya. Hinihintay ko lang po

'yun.”

Tumango si Tito. “That’s good. That’s very good,” sabi niya na sumusubo ulit ng cake. “Alam mo naman kung gaano ko kagustong katrabaho ang Kuya Lex mo. I think he’s running the company well.”

“Sa tingin ko rin po. Minsan na po akong nagtrabaho para sa kanya. It didn’t work out the first time,” nahihiya kong dagdag.

Baka hindi ko na dapat sinabi pero kung hindi ako nagsisinungaling kay Meredith, ba’t ako magsisinungaling sa tatay niya, di ba? Kaya lang hindi ko na ikukuwento sa kanya iyong ex-assistant ni Kuya na naging dahilan kung bakit di nag-work out ang una kong attempt na magtrabaho para sa kanya. May mga bagay na di na dapat inuungkat.

“Naisip po namin na wala kasi akong interes noon. Wala pa akong focus. Si Meredith po ang nagbigay niyon sa ’kin ngayon. Kaya po confident akong kakayanin ko na ’yung mga responsibilidad n’ung posisyong inaalok sa ’kin ni Kuya.”

Muling tumango si Tito. “I’m very glad to hear that. May mga bagay kasi talagang kaya naman natin kaya lang kailangan muna nating mag-mature para mapanindigan.” Tiningnan niya ako. “Bago mo sinabi sa ’kin ’yan, I was going to offer you a higher position in our company. Hindi dahil fiancé ka ng anak ko, ha, pero kasi nakikita ko kung ano ’yung nakikita ng kuya mo sa ’yo.

“And I also think your uncle is brilliant for making you Meredith’s assistant. Hindi basta-basta ang trabahong iyon. Anyone in that position oftentimes becomes the *power*

behind the throne sabi nga nila. Hindi puwede ang mahina sa posisyong iyon. Ernest knew what he was doing when he placed you there.”

Palakpak ang tainga ko. As in standing ovation!

“Gusto ko lang malaman mo ’yun, hijo. Para hindi mo sayangin ang mga opportunities na dadaan sa ’yo dahil lang sa akala mo hindi mo sila kaya.”

Kinailangan kong tumikhim bago ako nakapagsalita ulit. Hindi iyon sa dahil naninikip ang lalamunan ko dahil sa sobrang pagka-touch sa sinabi ni Tito Eman. Makati lang kasi talaga sa lalamunan ang mango cake, di ba?

“Salamat po. It really means a lot to me.” Maiksi lang ang sinabi ko. Baka maiyak ako, eh.

Tumango siya. “Welcome to the family, son.”

’Ayan na. Wala na. Naluha na naman ako. Ni sarili kong tatay di ako natawag na “son”. Dinaan ko na lang sa tawa kahit pa kinailangan kong tumungo para pasimple kong mapahiran ang luha ko.

Sa kasal ko, ay sos, nakikita ko na. Baka humagulgol ako d’un sa altar, nakakahiya.

Nang alam kong di na ako bigla na lang hahagulgol, ngumiti na ako kay Tito. “Thank you po... Dad.”

Nagkatawanan kami. Naalala ko kasi iyong unang beses na biniro ko siyang tatawagin ko na siyang Dad. Inakbayan niya ako at tinapik sa balikat.

“Pahingi pa ako ng isa pang slice ng cake, then sumunod na tayo sa kanila.”

“Aba, Dad, nakakarami ka na. Baka ma-sugar shock ka

n'yan.”

“Aba, hijo, baka bawiin ko ang karapatan mong tawagin akong dad.”

“Sabi ko nga ipaghihiwa ko pa kayo.” Kinuha ko 'yung platito niya bago tumayo para kunin ang cake sa ref.



Buti na lang at maaga naming naabutan ang mag-ina sa *Market! Market!* bago pa nila mabili iyong maganda pero higanteng dining set na gawa yata sa 1,000-year-old na narra sa bigat. Napigilan namin sila at nakumbinsi ko si Mere na maghanap ng iba dahil parang pang-dining room ng *Malacañang Palace* iyong gusto niya.

Dahil pareho kaming ander ni Dad (sandali lang, kikiligin lang ako dahil puwede ko na siyang tawaging Dad), sunud-sunuran lang kami sa kanilang dalawa ni Tita Marianne... Mommy... Tita... Mommy. Sige na, saka na Mommy kapag alam na niya.

Mabilis akong natututo kay Dad ng tactics kung paano ililigaw ang atensyon ni Mere kapag di ko gusto iyong tinitingnan niyang furniture at kung paano ako sasagot kapag pinapapili ako sa dalawang klase ng upuan.

Sa huli, walang nabili sina Mere dahil wala nga kaming natipuhang dalawa bukod doon sa gusto niyang mesang pang-mansion.

Nang magkaayaang umuwi, umuwi muna kami sa bahay nila para kumuha ng mga damit ni Meredith. Napagkasunduan naming bukas at sa Sunday na lang kami talaga maglilipat ng mga gamit namin. Sabi kasi ni Mere,

sigurado siyang mag-be-breakdown siya sa pintuan ng closet niya dahil sa separation anxiety habang nag-e-empake kaya kailangan niya ng mga dalawang araw para d'un.

Ako naman wala akong emotional attachment sa bahay ng tatay ko. Sa katunayan, parang nadala ko na lahat ng mga kailangan ko sa condo ni Kuya Lex kaya kahit di na ako umuwi kina Daddy, okay lang. Pero uuwi pa rin ako para tingnan. Baka may mga naiwan pala akong mahalaga.

Mga 9 ng gabi na kami nakauwi ng bahay namin.

Pero ganoon pala talaga. Iyong thrill ng pagpasok ko sa pintuan, di siya nabawasan. Parang di ako makapaniwala na bahay nga namin ni Meredith iyong condo and at the same time, ang sarap sa pakiramdam kasi bahay nga namin ni Meredith iyon.

Nagsimula siyang maglakad papunta sa kuwarto namin pero inabot ko ang kamay niya at hinila siya pabalik. She smiled up at me as I wrapped my arms around her.

“Happy?” tanong niya.

“Ecstatic,” sagot ko. “Thank you for being my happiness.”

“Baby boy,” she said, her fingers stroking my jaw, “thank *you* for being mine.”

Then she pulled me down para mahalikan niya ako sa mga labi.

Pagkatapos tumayo lang kaming dalawa roon, magkayakap, swaying from side to side na parang may music na kaming dalawa lang ang nakakarinig.

2

Late na naman kaming bumangon ni Mere nang Sabado. Alam mo na, kailangan ko pa kasing mag-push ups para ma-exercise ang muscles ko. Magkatulong na rin kaming nagligpit ng higaan kasi sa sala na naman kami natulog, pero ako ang nagpasok ng mga kumot at unan sa kuwarto habang nagluluto ng breakfast namin si Mere. Mahirap kasi kung ako ang magluluto. Baka masira ang tiyan ng fiancée ko.

Paglabas ko ng kuwarto, kumalam ang sikmura ko sa amoy ng bacon. At nang marating ko ang kusina, nasa kitchen island na ang ingredients para sa pancakes.

“Wow, pancakes!” sabi ko, naupo sa isa sa mga stools na nakapalibot sa island.

“Waffles actually,” sabi niya, nakatayo sa harap ng kalan. Nilingon niya ako at ngumiti sa akin bago binalikan ang piniprito niyang bacon.

Nangalumbaba ako habang pinapanood siya. Magulo ang buhok niyang naka-clip sa tuktok ng ulo niya kaya kita ang batok niyang gusto ko na namang singhutin. Suot niya ang T-shirt ko (mamaya nakahubad na ako kasi naubusan na ako ng T-shirt sa kakanakaw niya) at isang pares ng maiksing silk na shorts. Ang haba ng legs niya na ang puputi. Natuon sa puwet niya ang mga mata ko.

Parang nagsisimula na naman akong manggigil pero dahil kakatapos lang naman naming... mag-exercise, nagtanong

na lang ako kung kailangan niya ng tulong.

“Ikaw na ang mag-prepare ng batter.”

Sunod naman ako kaagad. Saka ano ba ang mahirap sa ipinapagawa niya? Nasa kahon na nga ng mix iyong instructions. Mayamaya, handa na ang almusal at magkatabi kaming kumakain sa counter.

“Ano’ng oras tayo uuwi sa bahay n’yo?” tanong ko habang naghahiwa ng waffle.

“Hmm, baby boy? Actually, gusto kasi ng bonding moment ni Mommy. Girl time man lang daw namin bago siya magpaalam sa little girl niya.” She bit her lip. “Okay lang ba?”

Inabot ko iyong mga hibla ng buhok na nakatakas mula sa clip niya at inipit iyon sa likod ng tainga niya. “Ah, okay. Oo naman.”

“Kasi aalis na nga naman daw ako sa bahay and mami-miss niya ako—”

Natawa na ako. “Mere, it’s okay. Naiintindihan ko. Saka magrereklamo ba ako, eh, kaya ka nga aalis sa kanila, eh, kasi sa ’kin ka na uuwi, di ba?”

Nang sabihin ko iyon sabay kaming tumawa na parang mga timang. Siguro kasi di pa naaalis iyong high namin sa napaka-recent naming engagement.

“Thahatid na lang kita ’tapos uuwi rin ako kay Kuya Lex para makapag-bonding na rin kami. Mami-miss din ako n’un, eh. Baka umiiyak na ’yun sa pangungulila ngayon. Mabuti na ’yung maagapan.”

Bumungisngis siya. “Sumbong kita sa kanya. Pero, sige,

'tapos d'un ka na sa bahay mag-dinner mamayang gabi pagsundo mo sa 'kin."

"Okay." Sumubo ako ng waffle. Medyo feeling accomplished ako kahit tagahalo lang ako ng batter kasi masarap siya. "Oo nga pala, may gusto akong ipaalam sa 'yo." Nilingon niya ako, ngumunguya rin. "Di ba sabi ko sa 'yo, gustong ihiwalay ni Kuya ang *AMC* sa kompanya ni Dad?" She nodded. "Well, mahihirapan siya d'un kasi hindi 'yun isusuko ni Ate Kaye nang basta-basta. May naisip ako pero ipapaalam ko muna sa 'yo kasi kasama ka na sa future ko at lahat ng desisyon ko ngayon, maaapektuhan ka na."

This time she smiled at me, at ngumiti na rin ako. Ang galing! Mukhang tama yata ang ginagawa ko, ah. Madali naman pala itong maging fiancée, kinabahan pa ako noong una.

"Anyway," sabi ko bago ako magyabang na naman. "Mas may alam ka rin sa business so I really need your opinion. May share kasi ako sa stocks ng *AMC*. Naisip ko, kung ibibigay ko 'yun kay Kuya, siya ang magiging majority stockholder ng kompanya at puwede na siyang magdesisyon na hindi mapapakialaman ni Ate Kaye.

"Pero alam ko rin naman na di ko dapat ibigay na lang 'yun sa kanya kasi sayang 'yun. Ikakayaman ko pa 'yun in the future at puwede ko pang ipamana sa mga anak natin. I mean, maliit lang 'yun kumpara sa mamanahin nila galing sa 'yo, pero it's a matter of pride na may makuha rin sila sa 'kin kahit kaunti lang."

Inabot niya ang kamay ko. "Stop it, baby boy. Minamaliit

mo na naman ang sarili mo.”

Napangiti ako ulit. “Hindi na po. Pero ’yun nga. What do you think?”

“Well... I think you can ask him to hold it for you in trust,” she suggested. “I have to ask Legal, but if it’s important to you, huwag mong ibigay talaga. Ipahiram mo lang muna habang kailangan niya.”

Mabagal akong tumango. Hindi naman kailangan ni Kuya iyon forever. Kailangan lang na magkaroon siya ng control sa kompanya para kumbaga mawalan ng karapatang mangontra si Ate Kaye. “Di naman siguro ako lolokohin ni Kuya Lex, di ba?”

“Yeah,” natatawang sabi ni Mere. “I don’t think dadayain ka niya.”

“Pero okay lang sa ’yo?” tanong ko, gamit ang tonong ginamit niya kanina nang tanungin niya kung okay lang sa aking bigyan ko sila ng bonding moment ng mommy niya. “Kasi, siyempre, iba pa rin ’yung kung may stocks ako sa kompanya.”

“Kung wala ako, ano’ng gagawin mo?”

“Kung wala ka, baka wala akong malay ngayon sa kalasingan... o natuluyan na ako kasi di pa ako humihinto sa pagmamaneho habang lasing.”

Kung wala ka, walang saysay ang buhay ko.

Tumawa si Meredith at kinurot ang pisngi ko. “I meant kung ganito ka ngayon, na future COO ka kahit wala ako. Ano’ng gagawin mo?”

Ayokong isipin iyong scenario na wala siya pero

naintindihan ko ang ibig niyang sabihin. “Ibibigay ko sa kanya’yung stocks, no questions asked. Pero dahil nandito ka nga, di ko puwedeng gawin’yun nang gan’un na lang. Dapat payag ka rin na’yun ang gawin ko.”

“Pag-usapan ninyo ni Kuya Lex. Kasi whatever your decision is, I’m going to support you.”

Pinangingkitan ko siya. “So wala kang balak tulungan akong magdesisyon?”

She grinned. “Kasama’y an sa trabaho mo, Mr. Future COO. Kailangan ngayon pa lang, masanay ka na.”

Pumalatak ako. “Bago kita nakilala ang kailangan ko lang pagdesisyunan ay kung beer o tequila ang iinumina ko. Ngayon, may stocks—stocks na akong nalalaman.”

Tinaasan niya ako ng kilay. “Bakit? May pinagsisisihan ka ba?”

“Wala, ’no!” bulalas ko at tumawa na siya.

Pinisil niya ang kamay ko. “Basta sa ’kin, kung ibibigay mo’yun kay Kuya Lex, okay lang sa ’kin. Kayong dalawa na ang mag-usap kung ano ang gusto ninyong arrangement. Ang mahalaga sa ’kin, sinabi mo sa ’kin. At na gusto mo akong isama sa lahat ng mga desisyon mo.”

“Oo naman.” Mabilis ko siyang hinalikan at pagkatapos ay idinikit ang noo ko sa noo niya. “Love you.”

Bumungising si Mere at ikiniskis ang ilong niya sa ilong ko. “Love you, too.”



Magkatulong kaming nag-ayos sa kusina at gumayak. Mga eleven kami ng umaga umalis. Habang nasa daan,

napapangiti ako sa tuwing susulyapan ko si Mere kasi maya't maya napapatingin siya sa kamay niya na para bang di niya mapigilang tingnan iyong engagement ring niya. Naiintindihan ko naman kasi ganoon din ang feeling ko sa kanya. Di ko rin mapigilang tingnan siya.

Nang sunod na sumulyap siya sa kamay niya, inabot ko na iyon, dinala sa mga labi ko at hinalikan. Pagkatapos ay hindi ko na iyon binitawan.

Mabilis kaming nakarating ng bahay nila. Bumaba kaming dalawa at inihatid ko siya sa gate.

“Anong oras ako babalik?” tanong ko habang hindi pa kami pinagbubuksan ng gate ni Kuya Armand. Hawak ko pa rin ang kamay niya.

“Ikaw, kung anong oras kayo matatapos ni Kuya Lex.”

“Mag-e-empake lang ako. Konti lang 'yun, then sasabihin ko nga sa kanya 'yung tungkol sa napagdesisyunan ko. So baka mga 4, pabalik na ako rito.”

Tumango siya. “Okay.”

Sabay kaming napalington kay Kuya Armand nang buksan niya ang gate. Nakangiti siya at masaya kaming binati.

“Kumusta na, Sir?” tanong niya sa akin.

“Okay lang po. Guwapo pa rin,” sagot ko, nakangisi na rin.

“Ay, siyempre naman, Sir.”

Natawa na rin si Mere at pinisil ang kamay ko. “Sige na. Drive carefully. Text me when you get to Kuya Lex's house, and text mo rin ako kapag pabalik ka na.”

“Okay po.” Hinapit ko siya sa baywang para halikan pero

napaligon ako kay Kuya Armand. “Ah, manonood ka ba talaga, Sir?”

Mas lumaki ang ngisi niya. “Aba, Sir. Binabayaran ako para magbantay kaya nagbabantay ako.”

Lalong natawa si Meredith at hinila niya pababa ang ulo ko para halikan ako. “Sige na. Ingat ka.”

Hinalikan ko siya ulit. Bahala na si Kuya Armand kung gusto niya ng show. Pinakawalan ko si Mere at kinawayan pa si Kuya Armand bago ako bumalik sa kotse.

Nag-drive na ako pauwi kay Kuya Lex na hindi man nagluluksang mag-isa sa bahay ay mukhang excited at masaya pa rin nang makita akong nandoon.

“O, nasaan si Mere?” tanong niya.

Sumimangot ako. “Ba’t ako di mo kinukumusta?”

“Eh, nand’yan ka naman. Ano’ng ginagawa mo rito? Pinalayas ka na niya kaagad?”

“Tingnan mo ’to. Nagpunta ako rito kasi may gusto akong ibigay sa ’yo, ’tapos gaganituhin mo lang ako? Hindi makatarungan.”

Ngumisi si Kuya. “Gusto mong pizza?”

“Tinatanong pa ba ’yun?”

Nag-order muna siya bago niya ako sinundan sa kuwarto ko at naabutan niya akong naglalabas ng mga damit mula sa cabinet.

“Ano ’yung ibibigay mo sa ’kin?” tanong niya nang makahilata siya sa kama ko.

Huminga ako nang malalim. “Share ko sa *AMC*.”

Nakita kong natigilan si Kuya.

“Ha?” tanong niya mayamaya nang nakahabol na ang utak niya.

“Well, marami pang kailangang gawin pero naisip ko kasi, ’yun ang pinakamadaling paraan para makuha mo ang *AMC*. Mas gusto kong nasa ’yo siya kaysa na kay Ate Kaye. Saka naisip ko rin, puwede ko siyang pambayad ng utang ko sa ’yo, sa condo.”

“Marami ka pang sukli kung ’yun ang ibabayad mo,” mahinang sabi ni Kuya Lex na na-shock yata. “Ash, I... I can’t accept that. Hindi ko puwedeng kunin na lang sa ’yo ’yun kasi birthright mo ’yun.”

Bumuntong-hininga ako at bumalik sa cabinet ko para kunin ang iba ko pang mga damit. Sa totoo lang, kunwari lang may halong inis iyong tono ko kasi matigas ang ulo niya pero tumalikod ako kasi ayokong nakatingin ako sa kanya kapag sinabi ko ang sunod kong sasabihin.

“Kuya, kulang pa nga ’yun, eh. Magkano lang ang halaga n’un kapalit ng kabaitan mo sa ’kin.”

Hindi nagsalita si Kuya. Mukhang hihintayin pang humarap ako. Huminga ako nang malalim at sinulyapan siya.

Nakatingin lang siya sa akin. “Ash, hindi naman ako nanghilingi ng kapalit,” tahimik niyang saad.

“Kaya ko nga ibibigay sa ’yo, eh, kasi di mo hinihingi.”

Tumawa si Kuya, tumingala sa kisame bago niya kinusot ang mga mata niya. Napangiti na rin ako at sabay kaming tumawa.

“Drama,” sabi ni Kuya saka siya naupo. “Lika nga rito!”

Lumapit kami sa isa’t isa at nagyakapan bago niya ako

tinapik sa likod at pinakawalan. Bumuntong-hininga siya. “Hindi ko puwedeng kunin ’yung shares mo, Ash. At least not totally. Pero titingnan ko kung puwede kong hawakan ’yun para sa ’yo for a period of time.”

Nagkibit-balikat ako. “Sabi ni Mere na baka puwede nga raw ’yun. Ikaw muna ang mangalaga sa stocks ko para sa ’kin.”

Saglit nag-isip si Kuya. “Paano kung ako na muna ang bahala d’un hanggang sa kumita ka nang sapat para pambayad sa utang mo sa condo. I think that’s fair.”

“Gaano katagal ’yun?” curious kong tanong.

“Depende. Sa current projects natin? Mga tatlong buwan.”

Natawa ako. “Ang bilis naman! Gan’un na ba tayo kayaman?”

Ngumisi si Kuya Lex. “Oo.”

“Ganito na lang. Gawin mo muna tayong bilyonaryo, saka mo ibalik sa ’kin ’yung share ko sa kompanya.”

This time, mabagal na ngumisi si Kuya Lex. “Deal.”



Pinag-usapan namin ang legalidad ng masama naming balak na pagpapabagsak kay Ate Kaye habang kumakain ng pizza. Ang balak pala ni Kuya ay bilhin ang shares ni Mommy kasi ayaw niyang ako ang mabawasan ng karapatan sa kompanya. Nakausap na raw niya si Mom at pumayag naman daw ito. At dahil nga nag-offer din ako, madadalalan na si Kuyang mapasaamin ang *AMC*, buwahahaha.

Na-excite ako kasi ibig sabihin malapit na akong maging COO pero nalungkot din ako kasi ibig sabihin, malapit na

rin akong umalis sa *Balajadia Industries*. Ibig sabihin, di na kami araw-araw maghapon, magdamag na magkasama ni Meredith pag nangyari iyon. Di na puwedeng bigla na lang akong papasok sa opisina niya kapag nami-miss ko siya. Nasa Ayala ang opisina ni Kuya, di ba?

Pero di bale na. Ang kapalit naman n'un, mas magadang future namin ni Mere at ng isang dosena naming magiging supling.

Todo-bonding din kami ni Kuya habang tinutulungan niya akong mag-empake at hindi ko rin naiwasang malungkot nang makitang nalinis na ang mga gamit ko sa kuwarto ko sa condo niya.

Di ko rin naiwasang mag-alala na baka malungkot siya. Alam ko namang hindi tuta si Kuya Lex na aalulong na lang bigla kapag naiwang mag-isa, kaya lang, siyempre, concerned ako.

“Kailan ka uuwi kina Daddy?” tanong niya matapos naming bunuin ang mga bag sa kotse ko. Pansin mo, “kina Daddy” ang sabi niya at hindi “sa bahay”? Sabi sa 'yo, di lang ako ang nakakadamang di kami welcome doon.

“Baka bukas. Pero konti na lang naman 'yung mga gamit ko d'un kaya sandali lang siguro ako. Sama ka?”

Natawa siya at umiling. “Gusto ko lang malaman para alam ko kung kailan ko puwedeng sabihin kay Ate Kaye na kukunin ko na ang *AMC* sa kanya. Kapag nalaman niyang may kinalaman ka d'un, patay ka rin. Kaya ayokong malaman niya bago ka pa magpunta d'un.”

Nagkibit-balikat ako. “Kahit kailan naman niya malaman,

pareho lang ang reaksiyon niya sa 'kin."

"Imbitado ba siya sa kasal?"

"Oo," sabi ko kaagad. "Ang tanong, pupunta ba siya?"

Nagpunta na ako sa driver's side at binuksan ang pinto ng kotse ko. "Kailan ka matutulog sa 'min?"

"Sabihan na lang kita."

"Magdala ka na ng mga gamit na puwede mong iwan d'un."

Ngumisi si Kuya Lex at para kong nakita ang mukha ko sa kanya. Magkamukha pala talaga kami, ano? "Yung isang duffel bag na dala mo, sa 'kin 'yun. Ilagay mo d'un sa kuwartong pinakamalayo sa front door. 'Yun na lang ang kuwarto ko sa inyo."

Malakas akong tumawa. "Walangya ka. Nauna ka pa palang mag-empake sa 'kin."

Niyakap niya ako ulit. "Thank you talaga, Ash," bulong niya.

Alam kong hindi lang dahil may sarili siyang kuwarto sa bahay kaya siya nagpapasalamat.

"Wala 'yun, Kuya," sabi ko. Pero kahit sinasabi kong wala lang iyon, sa isip ko, proud ako sa sarili ko. Kung noon kasi, di ko ito maiisip. Ako kasi ang sentro ng mundo noon kaya di ko ito maiisip gawin. Siguro nga mature na ako ngayon.

Tinapik niya ako ulit sa likod bago siya umatras at hinayaan akong makasakay ng kotse. Kumaway ako sa kanya bago ko isinara ang pinto at binuhay ang makina.

Para talaga akong babaeng hormonal ngayong mga panahong ito—minsan malungkot, minsan masaya, minsan

excited sa mga pagbabago sa buhay ko, pero kabadong-kabado rin kasi bago itong lahat sa akin.

At nang paandarin ko ang kotse at businahan si Kuya Lex, nalungkot ako kasi iiwan ko na siya. Parang gusto kong bumaba ng sasakyan at magtatakbo pabalik sa kanya.

Tumunog ang phone ko at nakita ko ang mukha ni Mere sa screen. Sinagot ko ang tawag.

“Hi, baby girl!”

“Hi! Nasaan ka na?”

Napangiti ako nang ma-realize ko kung ano ang kapalit ng pag-alis ko sa poder ni Kuya Lex. “I’m on my way to you,” tahimik kong saad.

And I was.

Bahala ka na d’yan, Kuya.



Kung tatlong bag lang ang gamit ko, tatlong balikbayan box yata ang gamit na in-empake ni Meredith.

“Hindi kaya bulatlatin ng *Customs* ’yang mga gamit mo?” tanong ko na walang ekspresyon habang nakatingin sa mga kahon sa ibaba ng hagdan nila. “Mukhang puno ng smuggled goods, eh.”

Kinurot niya ako sa tagiliran. “Hindi pa nga lahat ’yan!” sabi niya. “Pero iiwan ko na ’yung iba, ’yung mga hindi ko madalas gamitin. Saka kung hindi kasya sa kotse mo, ihahatid na lang ni Kuya Randy o ni Kuya Midel bukas.”

“Paano? May container van ba kayo?”

“Ito naman!” Hinampas niya ako sa braso bago kinuha ang kamay ko. “Sila na ang bahalang maghatid. Halika na,

kain na tayo.”

“Ba’t di mo pa nilahat?” tanong ko habang hinahatak niya ako papunta sa dining room.

“Sayang sa space. Nakita mo naman na ’yung buo kong closet, di ba? Di kasya sa kuwarto natin lahat ng gamit. Kakailanganin ko ’yung second bedroom para mailipat lahat. Eh, marami naman akong di kailangan tulad n’ung mga malalaking bag, ’tsaka ’yung ibang mga damit at sapatos.”

“Di gawin mong closet ’yung isang kuwarto. Basta kay Kuya Lex daw ’yung pinakamalayo sa front door.”

“Talaga?” natatawang tanong ni Mere. “Pero hindi, guest bedroom ’yun. Ayokong puro gamit ko pa rin siya. Aayusin natin ’yun. Mom, Dad! Nandito na si Ash!”

Pumasok kami sa dining room nila at nakita kong nakaupo na sa mesa si Tito... si Dad, at papalapit naman si Tita—Tita pa rin kasi di pa rin ako nakakakuha ng permiso mula sa kanya na tawagin siyang Mommy—sa mesa na may dalang isang malaking bowl.

“Hi!” masayahin niyang sabi habang ibinababa ang ulam sa mesa. Lumapit siya sa akin at sinalubong ko siya ng yakap. “May sinabi ang daddy mo sa ’kin, ah.”

“Ano po ’yun?” tanong ko, iniisip kung dapat ba akong kabahan habang sumusulyap kay Dad na kumindat sa akin mula sa kinauupuan niya.

“Sabi niya Dad na raw ang tawag mo sa kanya! Bakit ako Tita pa rin?” nakalabing tanong niya.

Napangiti ako. “Eh, di mommy na rin po,” sabi ko na parang sasabog ang puso sa sobrang tuwa.

Tumawa si Mommy at maingat akong tinapik sa pisngi, iyong pisnging walang pasa mula sa away namin ni Craig noong isang araw, bago niya itinuro ang mga puwesto namin ni Mere sa mesa. “Maupo na kayo nang makakain na tayo.”

“Ash,” sabi ni Mere habang nag-e-enjoy na ako sa pagkain ng bulalo, “sa tingin mo okay lang na mag-housewarming party tayo next weekend?”

Yes, dear. “Oo naman. Pero sa tingin mo ready na ‘yung bahay n’un?”

“May two days pa tayong walang pasok, di ba? Wala rin tayong pasok sa Monday, unless...” Nag-aalala niyang pinagmasdan ang mukha ko. “Makakapagpa-passport ka ba niyan, puro pasa pa ‘yang mukha mo?”

“Oo,” sabi ko. “Kahit sa Monday ako magpasa ng requirements at magbayad, ‘tapos sa ibang araw ‘yung biometrics.”

“Puwede ba ‘yun?”

“Oo, puwede ‘yun. Ako’ng bahala.” Dadaanin ko na lang sa kindat kung ate iyong nasa *DFA*.

“Okay. Sabi mo, eh. Basta sa weekend. Saturday? Tayo-tayo lang saka mga friends natin. Invite mo sina Marlon.”

Tumango ako, hindi sigurado kung matutuwa o mag-aalala na paghahaluin namin ang mga barkada namin. Pero naisip ko rin na game naman ang mga girls at behave ang mga kabarkada ko kahit gago silang lahat. Mapagkakatiwalaan naman ang mga iyon pagdating sa mga ganito.

Nagpatuloy ako sa pagkain habang nag-uusap sina Mere at Mommy. Kahit okay naman na talaga ako sa furniture na

kasama ng condo, di ko pa rin napigilang ma-excite kasabay ni Meredith habang ikinukuwento niya sa amin ang mga plano niya para sa bahay.

Siyempre, automatic na nagko-compute ang utak ko kasi sa mga presyo ng pinag-uusapan nilang dalawa ni Mommy, parang gusto ko nang bawiin iyong offer ko kay Kuya Lex na sa kanya na stocks ko. Mukhang medyo mahal ang mga gustong bilhin ng fiancée ko, di na baleng sabi niyang siya ang bibili ng mga iyon. Parang di ko naman kayang siya lang talaga ang gumastos sa mga gamit namin sa bahay. Kaya lang ayoko rin namang magutom kaming dalawa dahil namulubi ako matapos niyang bumili ng kaldero na P4,000 ang halaga.

Kaldero? P4,000? Ano iyon, may kasamang grocery showcase?

Pero dahil parang excited si Meredith, nanahimik na lang ako. Kung saan siya masaya, hahayaan ko siya.

Di bale nang muntik ko nang maibuga iyong iniinom ko n'ung sabihin niyang may gusto siyang sala set para sa home office namin sa mezzanine ng condo na nagkakahalagang P85,000.

Nakangisi sa akin si Dad at alam kong alam niya ang naiisip ko. Utang na loob, P85,000 para sa sofa?

Kung saan siya masaya, Ash. Kung saan siya masaya.

Nang makauwi sa bahay, nagpatulong kami sa isang attendant na ipasok sa elevator ang mga gamit namin. Isang kahon lang ang napagkasya namin sa backseat ng kotse ko kaya dadalhin na lang daw ni Kuya Midel bukas iyong

naiwan sa bahay. Pinagtulungan naming itulak palabas ng elevator ang mga gamit na iyon nang makarating kami sa floor namin.

“Ano ba ’tong dala mo?” tanong ko, humihingal, nang sa wakas ay madala na namin sa kuwarto iyong isang kahong parang semento yata ang laman.

“Damit!” sabi niya na pinupunasan ng likod ng kamay ang pawisan niyang noo.

Napaupo ako sa sahig at sinandalan ang kahon niya ng damit. Tumawa si Mere at naupo sa tabi ko. “Ang gaan niyan kanina n’ung si Kuya Midel ang nagbuhat.”

“Ikumpara mo naman ang katawan ko sa katawan ni Kuya Midel! Kayang-kaya akong i-benchpress n’un, eh! Hita lang niya ’yung dibdib ko!”

Malakas siyang tumawa at humilig sa akin. Niyakap ko siya at nakangiti na ako nang halikan ko ang tuktok ng ulo niya.

“Baby girl?” bulong ko.

“Hmm?”

Hindi ko alam kung paano ko sisimulan ang sunod kong sasabihin. Ang tagal kong tahimik kaya siguro nainip na siya kaya tiningala na niya ako.

“May favor ako,” sabi ko.

“Ano ’yun?”

Hinaplos ko siya sa pisngi at alam ko, nang lumambot ang ekspresyon niya, naghihintay siya na may sabihin akong sweet at nakakakilig. I looked her straight in the eye and said, “Puwede bang huwag naman eighty-payb tawsan pesos ang

gastusin mo sa sofa? Ang mahal masyado, eh.”

Tumawa ulit si Meredith at hinalikan ako sa mga labi bago hinampas ng likod ng kamay niya ang sikmura kong buti na lang ay gawa pa rin sa matigas na abs. “Halika na nga! May mga bags ka pa.”

Tumayo siya at iniwan ako sa kuwarto namin. Nanatili akong nakaupo sa sahig at nakangisi pa rin. Ang babaw lang pero masaya talaga ako, masayang-masaya. Di ako magsasawang ulit-ulitin iyon dahil iyon ang totoo.

Tumayo na rin ako at sumunod sa kanya. Kung di namin kaagad naipasok sa kuwarto iyong mga gamit kasi nahatak ko siya doon sa special naming sofa, okay lang. Marami pa naman kaming oras para magligpit ng mga gamit.

Sa katunayan, we had forever.

3



Nag-aalmusal na kami ulit ni Mere kinabukasan nang magpaalam ako sa kanya na pupunta ako sa bahay ng tatay ko.

“Samahan kita?” alok niya habang nakatingin sa akin. Parang nag-aalala siya.

I brushed her hair away from her forehead. “Actually, gusto ko talagang samahan mo ako kaya lang Linggo ngayon. Nand’un si Ate Kaye.”

“So?” tanong ni Mere, naguguluhan.

“Kakakain lang natin. Baka ma-empacho ka kapag makita mo siya mamaya.” Natawa siya. “Saka darating si Kuya Midel, di ba? Dadalhin niya ’yung mga balikbayan boxes mo?”

Kinurot niya ako sa tagiliran. “Hindi sila balikbayan box! OA ka,” natawang sabi niya bago binalikan iyong tapa sa pinggan niya. “Matagal ka ba d’un?”

“Hindi. Sandali lang ako. Kukunin ko lang ’yung ibang gamit ko. Di naman ako magtatagal d’un at baka ako ang ma-empacho.”

Kung dati, pagsasabihan ako ni Mere na baka misunderstood lang si Ate Kaye, pero dahil nakilala na niya ang ate ko, di na niya tinangkang i-excuse ang kapatid ko. Kahit siya kasi napatunayan nang maldita si Ate noong nasa Singapore sila.

Naligo ako at nagbihis pagkatapos naming kumain, at inihatid ako ni Mere sa private elevator ng condo.

Kinilig ako, eh. Parang may housewife lang ako na maghahatid sa akin sa pinto pag aalis ako pagkatapos sasalubungin din niya ako pagdating ko. Bagong ligo na siya at mabango, pagkatapos kukunin niya iyong dala kong bag at iaabot sa akin iyong tsinelas ko... ayus! Old school!

Pero kung si Mere iyon, baka ako ang kumuha ng mga gamit niya at ang mag-abot ng tsinelas niya. Ako pala ang househusband, eh, ano? Kung magkaganoon, ay, naku, sisiguruhin kong lagi akong bagong ligo para sa kanya. Mabangong-mabango ako lagi at laging reading-ready.

“Ano’ng gusto mong lunch?” tanong niya habang nakatayo kaming magkayakap d’un sa tapat ng elevator na para bang isang linggo akong mawawala.

“May lulutuin pa ba tayo?”

“May steak pa ’tsaka chicken kaya may ulam pa tayo mamayang gabi. Aalis naman tayo bukas so sa *Megamall* na lang tayo mag-grocery.”

Naalala ko na naman iyong mababaw pero persistent kong pantasya na linggo-linggong mag-grocery kasama niya. Nakakatuwa lang na pati iyon natupad na. Kapag mahal mo pala, di porke pantasya, dapat bastos na ano?

“Chicken sa lunch, steak mamayang gabi,” sabi ko at tumango siya. Then she stood on tiptoe to kiss me. I held her close and sighed into her mouth.

“Ingat ka,” sabi niya nang maghiwalay kami. “And huwag mo na lang pansinin si Ate Kaye mo kung magkita

kayo at may sabihin siya sa 'yo."

Tumango ako kasi iyon talaga ang plano ko. May galit pa ako sa kanya dahil siniraan niya ako kay Meredith. Igagalang ko siya kasi ate ko pa rin naman siya. Kaya nga siya imbitado sa kasal ko, eh. Kaya lang sa ngayon, wala pa akong masasabi sa kanya na walang halong sama ng loob o panunumbat. Mananahimik na lang ako.

"Okay. Mag-lock ka dito, ha. Sandali lang talaga ako. May gusto kang ipabili habang nasa labas ako?"

Umiling si Mere. "Bukas na lang sa grocery."

"Okay," sabi ko bago siya ulit hinalikan hanggang sa dumating ang elevator at pinakawalan namin ang isa't isa.

Kumaway siya sa akin at kumindat ako bago ko pinindot ang buton para sa ground floor. Pagkatapos, pinatawa ko siya kasi habang sumasara ang mga pinto ng elevator, lumabi ako at nagkunwaring naiiyak dahil maghihiwalay kami.

"I love you!" habol niya bago tuluyang magsara ang mga pinto.

Sumandal ako sa dingding ng elevator na nakangisi na naman. Kung wala lang CCTV camera roon baka nagsayaw pa ako sa saya. Iba talaga, eh. Sana hanggang pagtanda namin ganito kaming dalawa sa isa't isa, na kikilabutan ang mga apo namin kasi makikita nilang naglalampungan pa rin sina lolo at lola.



Dinala ko iyong alaala ng tawa ni Mere sa bahay ng tatay ko kasi alam kong kakailanganin ko iyon kung sakaling makita ko nga ang isa sa kanila, siya o si Ate Kaye.

Kailangan ko ng lakas.

Pinagbuksan ako ng gate ni Celia at siya rin ang nagsabing kumpleto ang pamilya ko ngayon maliban kay Kuya Lex. At dahil umaambon, doon sila sa dining room kumakain ng brunch imbes na sa labas.

Hay. Di pala ako makakapag-ninja move.

Sumunod ako papasok kay Celia at sinigurong hindi si Daddy o si Ate Kaye ang una kong makikita.

“Tito Ash!” sigaw ng tatlong boses at doon ako nag-focus bago ko ibinukas ang mga braso ko at sinugod ako ng tatlong bata. Kung may dahilan para umuwi ako sa bahay na ito, silang tatlo lang iyon.

Si Karina, iyong thirteen-year-old kong pamangkin, ang dahilan kung bakit kilala ko si Taylor Swift at ang *One Direction*, at kung bakit napanood ko ang *Twilight* at *Hunger Games*. Si Kevin, iyong book nerd na sampung taong gulang na middle child, ang lagi kong kalaban sa computer games. At ang baby na si Kent na six years old ay iyong sigurado naming napalitan sa ospital noong ipinanganak kasi masyado siyang sweet para manggaling kay Ate Kaye kung hindi lang namin siya kamukhang-kamukha ni Kuya Lex.

“Oh, my God, Tito Ash! Where have you been?”

“Tito Ash! What happened to your face?”

“Tito Ash, carry mo ako!”

Binuhat ko si Kent at nagpahalik sa pisngi at nagpayakap sa ate at kuya ng bata. “Di halatang miss na miss n’yo ako, ah.”

“When are you coming back home?” pangungilit ni

Karina habang nakakapit sa braso ko.

Ngumiti ako sa kanya. "I live somewhere else now," sabi ko. "That's where I go home."

"Can I go there?"

I tugged at her hair. "Of course. I'll let my girlfriend know." Kumunot ang ilong niya at tumawa ako kasi naalala ko ang reaksiyon niya sa mga ex ko. Ito ang batang nagsabi kay *It Girl* na may cellulite siya. "Meredith is different, I promise."

Napahinto ako sa pintuan nang makitang nakatayo na roon si Ate Kaye. Kung susuwertihin ka nga naman, di ba? Sasalubungin ka talaga ng malas. Nakahalukipkip siya at nakatingin sa mukha kong puno pa ng pasa.

"Kids, go back to the table and finish your food," utos niya.

"Are you staying, Tito Ash?" tanong ni Karina. "Have lunch with us."

Pinilit kong ngumiti. "I can't, princess. Sandali lang ako ngayon kasi may kukunin lang ako. Pero I can take you out some time. We can watch a movie. Matagal na tayong di nag-mo-movie date."

Nakonsyensya rin kasi ako kasi mula nang magsimula akong magtrabaho, d'un pa ako hindi nagpapakita sa kanila, kung kailan may panggastos na ako para sa kanila. Dati kasi si Kuya Lex ang laging financier pag lumalabas kami.

Binigyan niya ako ng malaking ngiti. "I have a phone now, Tito Ash. I'll text you my number."

Kumunot ang noo ko. "May mga nag-te-text na ba sa 'yong boys?"

Thirteen na siya pagkatapos maganda pang bata. At noong trese anyos ako, may girlfriend na ako na thirteen years old din.

Umikot ang mga mata ni Karina. “Of course not, Tito Ash. Kapag meron na, I’ll tell you and Tito Lex.”

“You do that.” Para mahanap namin ni Kuya Lex ang balasubas na iyon at mabalatan... este, mapagbuhatan ng kamay—hindi! Para *makausap* tungkol sa kung paano maging gentleman.

Bumalik na ang tatlong bata sa hapag at naiwan akong nakikipagtitigan kay Ate Kaye.

“So, totoo pala,” sabi niya na kunot ang noo at mas kunot ang ilong.

“Ang alin? Na magandang lalaki ako? Matagal na.” Tinalikuran ko siya at nagsimula akong umakyat sa hagdanan na nasa bandang kanan ko.

Sumunod siya. Diyos ko po, hindi pa nakuhang ayoko siyang makausap. Alam kong di niya ako sisigawan kung saan maririnig siya ng mga anak niya at nagtitimpi lang siya ngayon bago magsalita. Sa palagay ko dahil iyon sa ayaw niyang makita ng mga bata na bungangera siya kaysa sa ayaw niyang marinig nila ang mga iniisip niyang kagaguhan ko.

Nang marating namin ang second floor, para siyang natibag na dam. “Sinabi ni Craig na nagsuntukan daw kayo.” Natigilan ako saglit pero hindi ako huminto sa pag-akyat papunta sa kuwarto ko. Dere-derecho rin ang pagsasalita niya. “Of course I didn’t have to ask dahil alam ko namang

ikaw ang nagsimula ng away.”

Well, ako nga ang unang nanuntok so no arguments there.

“What did we expect, di ba? Ikaw ’yan. Pero ngayon, imbes na kung sinu-sino lang ang sinasapak mo, namili ka pa ng maimpluwensya, ha. I mean si Craig Villacorta pa talaga?”

Nagngangalit ang ngipin ko habang pinipihit pabukas ang doorknob ng pinto ng kuwarto ko. Kahit hindi na ako umuuwi roon—o siguro dahil hindi na ako umuuwi roon—malinis iyon. Maayos ang kama, walang mga gamit na nakakalat. Malamang nililinis din kasi nina Celia.

“Paano kung idemanda ka niya? Di nabalita ka na naman? You really just can’t help yourself, can you? Talagang kahit ano gagawin mo para lang makakuha ng atensyon. Hindi mo na talaga iginalang ang pangalan ng pamilya.”

Remember Mere’s laughter, Ash. Kung paano siya nakangiti kanina at kung paano niya sinabing mahal ka niya bago magsara ’yung mga pinto ng elevator.

“At ang kapal pa ng mukha mo talaga, at si Meredith Balajadia ang niligawan mo?” Nagsimulang mag-init ang mga tainga ko at manginig ang mga kamay ko. “Pero, I think, gan’un talaga kapag desperado ka. Kailangan mo ng pera, eh. Kakapit ka talaga. Ito namang si Meredith, tanga. Sinabihan na ngang—“

Putang ina!

Marahas ko siyang hinarap. At siguro mukha akong mangangain ng buhay sa tindi ng galit ko dahil napasinghap siya at napaatras.

“Shut up!” galit kong sabi na hindi na napigilang humakbang palapit. “Shut the f*ck up! Hindi ko alam kung bakit ang init ng dugo mo sa ’kin dahil wala akong maalalang pagkakataon na may ginawa akong masama sa ’yo! Tiniis kita kasi kapatid kita pero subukan mo pang magsalita tungkol kay Meredith, baka makalimutan kong kapatid kita at na babae ka!”

“Ash!” galit na saway ng tatay namin mula sa pasilyo sa labas at pabalyang itinulak pabukas ang pinto na tumama sa dingding. “How dare you talk to your sister that way?”

“How dare I?” tanong ko na sa kanya naman itinututok ang mga mata kong sigurado kong nanlilisik sa galit. “Magpasalamat nga kayo ngayon ko lang pinagsalitaan ’yang babaeng ’yan, eh!”

“Tingnan mo kung gaano siya kabastos, Dad!”

“Ako ang bastos?” sigaw ko na muli nang hahakbang palapit sa kanya.

“Shut up!” sabi ng tatay ko. “Shut up both of you. Ikaw,” itinuro niya ako. “Ano na naman ’tong narinig ko tungkol sa pakikipagsuntukan mo kay Craig Villacorta?”

“Para saan pang tinatanong mo ’yan sa ’kin, hindi ka naman makikinig kahit magpaliwanag ako?” sigaw ko pa rin.

Kung noon ito, may kasamang pagtatampo itong pagdrama ko. Noon kasi masakit pa. Ngayon parang wala na. Di na ako nasaktan. At nalungkot ako kasi ibig sabihin niyon wala na akong pakialam sa kanilang dalawa.

“Hindi ka ba talaga magtitino?” nanggagalaiting tanong

ng tatay ko. “Puwes kung inaasahan mong ibibigay ko pa sa ‘yo—”

“Ang alin?” mapait kong sabat ko. “Ang mana ko? Alam mo, Dad, sa totoo lang, sawang-sawa na ako na ginagamit mo ang manang ‘yan para kontrolin ako. Ako namang si tanga, nagpapauto. Pero ayoko na. Kulang na kulang kung magkano man ‘yang mamanahin ko galing sa ‘yo kapalit ng sama ng loob ko. Sa inyo lang naman ni Ate mahalaga ‘yan, eh, kaya sa inyo na lang ‘yang pera ninyo.”

“Of couse, malakas ang loob mo,” Ate Kaye sneered from behind our father. “May peperahan ka nang Balajadia.”

Muntik ko na talaga siyang kuwelyuhan.

“Then say goodbye to your inheritance,” gigil na sabi ni Dad.

Tiningnan ko siya nang derecho sa mga mata. “Kakausapin ko si Atty. Peralta. My trust fund is mine, and so are my shares sa mga kompanya. Aside from those, sa inyo na ang lahat ng pera at lahat ng yaman ninyo.”

Isaksak pa ninyo sa mga baga ninyo.

Hindi ko naintindihan ang expression sa mukha ng tatay ko at ayaw ko na siyang intindihin. Si Ate Kaye naman ang binalingan ko.

“May asawa ka—” *na walang kwenta dahil hinahayaan lang niyang ganyan ang ugali mo,* “at may mga anak kang nagmamahal sa ‘yo. Prinsesa ka ni Dad. Halos halikan ng mga empleyado mo ang puwet mo. Ang dami mong pera at lahat ng gusto mo nakukuha mo pero hindi ka pa rin masaya. Naaawa ako sa ‘yo, Ate. Sana naman ngayong wala

ka nang kahati sa pera mo, maging masaya ka na.”

Naglakad ako at nilampasan ko sila. Sa dami pa ng natirang gamit sa kuwarto ko, na-realize kong wala naman pala talaga akong kailangang balikan doon. Mga damit, mga DVD, mga materyal na bagay na puwede kong bilhin ulit. Hindi na ito ang bahay ko. Hindi ko naman ito naging bahay kahit kailan.

Wala na ang mga pamangkin ko sa dining room nang bumaba ako. Buti na lang kasi hindi ko alam kung paano ako magpapaalam sa kanila. Lumabas ako ng bahay at dumerecho sa kotse ko. Nang makasakay ako, mabilis kong binuhay ang makina at nag-drive ako palayo. Pero pagliko ko sa kanto, huminto muna ako saka ako nagsimulang huminga nang mabilis at malalim. Kumapit ako sa manibela at hinintay na humina ang pag-ugong ng dugo sa tainga ko. Hinintay kong bumagal ang tibok ng puso ko.

Baka maaksidente ako, mahirap na. Ang ganda pa naman ng future ko, sayang.

Nang medyo hindi na parang sasabog ang tuktok ng ulo ko, kinuha ko ang phone ko.

“Baby boy!” masayang sagot ng babaeng kayang burahin ang lahat-lahat ng bagay sa buhay ko na nakakasakit sa akin.

Tumikhim ako at gumamit ng masayang tono. “Hi, baby girl. Nand’yan na si Kuya Midel?”

“Oo. Nandito rin sina Mommy. Tapos ka na ba d’yan sa inyo? Ibibili na raw nila tayo ng kama!”

Napangiti ako sa excitement sa boses niya. “Kailangan ko lang magpunta sa abogado ko, ’tapos uuwi na ako.”

“Wait, what? Abogado? What’s wrong?” Naalarma ang tono niya.

“Okay lang, baby girl. Tungkol lang sa finances ko. I-request ko lang na bigyan na ako ng sole access sa trust fund ko.”

Pinilit kong maging cool at kalmado ang boses pero kilala ako ni Meredith.

“What happened?” tanong niya na mas matigas na ang boses. Dinig ko sa kanya si Miss Balajadia, the cold and scary billionaire boss. Natakot ako. Saka na-arouse. Hayaan mo na, normal ko naman na iyon pagdating kay Mere.

“Puwede bang mamaya na natin pag-usapan, baby girl? Ayoko kasing sa telepono. Gusto ko katabi kita kapag nagsumbong ako sa ’yo.”

“Ano na naman ang sinabi ni Kaye sa ’yo?” bulalas niya, may galit na sa tinig at natawa ako na nawala na iyong Ate sa tawag niya kay Ate Kaye.

“Kapag nagsumbong ba ako sa ’yo mamaya, ibe-baby mo ako?” nakalabi kong tanong.

“Of course! Baby boy kita, eh,” sabi niya at parang nakita kong nakakunot pa iyong noo niya. “Teka, gusto mo bang next time na lang tayo tumingin ng kama? Puwede kong sabihin kina Mommy kung hindi mo feel ngayon.”

“Hindi na. Tumingin na tayo. Excited na akong magkaroon tayo ng kamang bibinyagan... God, please tell me hindi ako naka-speaker at hindi ako narinig ng tatay mo. Baka sagasaan niya ako mamaya.”

Tumawa si Meredith. “No, nasa sala sila, nasa bedroom ako. Sige, I’ll let them know. Sa labas na lang daw tayo

kumain. Ililibre tayo ni Dad.”

Doon, napangiti na talaga ako. Bakit ba ako mag-fo-focus doon sa ayaw sa akin, eh, may Dad naman akong isa pa na hindi ko man kadugo, kasing-guwapo ko pa rin?

“Sige. Sandali lang ako kay Atty. Peralta, then derecho na ako. Saan tayo bibili ng kama?”

“Sa *Forty Winks*, sa 32nd and 9th.”

Automatic na na-pinpoint ng built-in GPS sa utak ko ang lugar. “All right. Ite-text kita kapag pabalik na ako. Saka na lang kayo umalis ng condo. D’un na lang tayo magkita.”

“Okay. Saka sa *Conti’s* yata gustong kumain ni Daddy. Naghahanap na naman siya ng mango bravo.”

Malakas akong natawa kasi naalala ko ang pagka-PG ni Dad pagdating sa cake. Sige, burado na lahat ng sama ng loob ko kanina. Masaya na ako ulit.

“Sige, basta sa *Forty Winks* na lang tayo magkita. And baby girl?”

“Yes.”

“I love you,” I said softly.

“I love you, too, baby boy.”

Napangiti ako, magaan na ulit ang pakiramdam at maayos na ulit ang mundo.

Ang daming nagmamahal sa akin, mas marami pa sa inaasahan kong magmamahal sa akin, o sa inakala kong *dapat* na magmahal sa akin. Mas mabuti nang i-appreciate ko ang bawat isa sa kanila imbes na pagtuunan pa ng pansin’yung mga taong di ko naman na mababago ang isip.

Buti na lang talaga nakilala ko si Meredith. Kung hindi,

baka nauwi rin akong katulad ni Ate Kaye, mas mapait pa sa
ampalaya at walang pinapahalagahan kundi pera.

I have Meredith. I have everything.